Taon 5 Blg. 7
Hulyo 2010

http://www.umangat-migrante.com

MPL
MIGRANTE PARTY LIST
Italy Chapter

OPISYAL NA PAHAYAG NG MPL–ITALY CHAPTER

Pahayag ng Migrante

BALITA

# ARAW NG PAMILYA NG UMANGAT

Sobrang saya ang naganap na UMANGAT Family Day 2010 sa Parco di Pineta Sacchetti, Roma noong nakaraang Hulyo 4, 2010 na may temang KMP3 (Kaluskos Musmos para sa Pagkakaisa ng Pamilyang Pinoy). Tampok sa pagdiriwang na ito ang mga awiting makabayan, sa pakikibaka at tradisyunal, mga larong lahi tulad ng tumbang preso, bugtong-dugtungan, karera ng mga namamalengke, aso't pusa, luksong bukid at marami pang iba. May salu-salo rin sa panang-halian at meryenda.

Masayang masaya ang mga kabataan (second generation Italian) at pati na rin ang mga matatanda na sumali sa mga laro at patimpalak. Nag-uwi rin ang iilan ng mga papremyo mula sa mga masugid na taga suporta ng UMANGAT at sa ipinaglalaban ng mga migrante.

Nagbigay- kulay rin sa programa ang mga makabayan at sinaunang awitin pinagsaluhan ng mga magagaling na mang-aawit ng grupo sa pangunguna ni Fr. Aris Miranda.

Ang nasabing pagdiriwang ay dinaluhan ng humgit kumulang sa limampung katao sampu ng mga kabataan. Naging matagumpay ang Family Day sa pakikiisa ng mga sumusunod na grupo: Torrevecchia Filipino Community, Gran Madre di Dio Filipino Community, San Leone Magno Bocea Filipino Community, Euclide Kaibigan Group, Balduina Boys and Families, at ng grupo ng mga panggalatok.

Ito rin ay nagbigay daan sa pagpapakilala sa mga bagong henerasyon ang mga katutubong larong Pinoy at pagsasariwa ng mga matatanda noong kabataan nila na puno ng saya kahit sa gitna ng kahirapan o kasalatan sa buhay. Ang mga larong katutubo ay nagpapatunay na ang tunay

*Sundan sa pahina 4*

EDITORYAL

# HUSTISYA PARA SA BAYAN ANG SIGAW NG BAYAN

**"Kung walang corrupt walang mahihirap."** Ito ang prinsipyong tinatayuan at magsisilbing batayan ng bagong administrasyon ayon sa inaugural speech ni pangulong Aquino. Ang buong paniniwala ng bagong rehimen ay ang kurapsyon ang s'yang ugat ng kahirapan ng bayan ni Juan. Ito nga ba? O higit pa?

Di lingid sa ating kaalaman ang masahol na pamana ng rehimeng GMA. Ilan sa mga tampok at malalaking kaso ng kurapsyon na dapat pananagutan ni GMA sa bayan ay ang mga sumusunod: fertilizer scam (P 728 milyon), Diosdado Macapagal Blvd. (P 600 milyon), Mega Pacific deal (P 500 milyon), cash handouts sa mga congressmen at governors (P 160 milyon), Euro generals (P 6.9 milyon). Ang lahat na ito ay nagkakahalaga ng P 2,038,600,000 bilyon na ninakaw ng rehimeng Arroyo. Bukod pa dito ay ang milyon-milyong dolyar na kickback ng nagdaang rehimen: Piatco deal ($ 20 milyon), US real estate property ($ 7.1 milyon), Northrail project ($ 50 milyon), NBN ZTE deal ($32.9 milyon), IMPSA ($ 2 milyon), WB road projects ($ 33 milyon), jueteng collection ($ 10 milyon). Ang lahat ng ito ay umaabot sa $ 145,900,000 milyon. Ang mga nabanggit ay ilan sa mga malalaking kaso na naisampa sa pitong impeachment cases laban kay GMA sa loob ng kanyang panunungkulan na hanggang ngayon ay di pa nabigyan ng katarungan.

Sa kabilang dako naman ayon sa Global Hunger Index (GHI), ang Pilipinas ay ika-34 sa 84 na bansa na nakaranas ng matinding gutom.

Bukod sa kurapsyon ang kawalan ng panlipunang katarungan ay ang pinakamatinding problema at pananagutan na dapat bigyang prayoridad ng bagong administrasyon. Ilan sa mga ito ay ang palupa sa mga magsasaka, kasiguruhan sa trabaho, pagsugpo sa mga paglabag sa karapatang pantao (extra-judicial killing, illegal detention, abduction, etc.), at ang mga batayang serbisyong panlipunan (edukasyon, kalusugan, pabahay at trabaho). Taong 2009, umabot na sa 4.3 milyon ang walang trabaho, samantalang sa 35.1 milyong may trabaho 28.1 milyon nito ay mababang kalidad na trabaho. Samantalang patuloy naman ang pangingibang bayan ng mga Pilipino na nagtala ng 3,900 ang umalis kada araw.

Nitong 2010, ang national budget na inaprobahan ng nakalipas na administrasyon ay naglaan lamang ng P 7 kada mag-aaral sa araw-araw para sa edukasyon, P 1 kada Filipino sa araw-araw para sa kalusugan, P 0.16 sentimos sa pabahay; samantalang umaabot sa P 22 kada araw ang pambayad sa utang panlabas.

Sa pagtapos ng rehimeng Arroyo sa larangan ng paglabag sa karapatang pantao, nagtala ito ng 104 na mga pinatay na mamamahayag, 1,190 biktima ng extra-judicial killing sa hanay ng mga aktibista, 205 ang sapilitang pagkawala o pagdukot at 1,028 kaso ng pagtortyur. Ngunit sa kabila ng lahat ni isa ang naparusahan. Simula ng pag-upo ni Aquino 3 na agad ang naging biktima ng mga pagpaslang sa mga mamahayag at lider ng progresibong grupo. Sinasabi ng pangulong Noy (P-Noy) sa kanyang inaugural speech, walang puwang ang pagpapatawad sa mga salarin kung di maigagawad ang katarungan muna. (*"There is no reconciliation without justice."*) Harinawa na ito'y magkatotoo.

Bagamat nabanggit ang mga iilang suliraning ito sa kanyang inaugural speech, hindi malinaw ang mga konkretong pamamaraan kung paano ito nya haharapin lalo na sa usaping programang agraryo.

Kaya mga kababayan dapat tayong magmatyag sa mga susunod na kabanata ng ating kasaysayan. Kung ang bagong yugtong ito ay may naaninag na pag-asa – nasa ating mga kamay ang katuparan nito sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa tunay na pakikibaka. Sabi ni P-Noy "kayo ang boss ko at di maaring di ako makikinig sa mg autos nyo."

*Ni Aris Miranda*

OPINYON

# BAGONG PANGULO... LUMANG SISTEMA

Nagsimula sa trabaho ang bagong Pangulo sa pamamagitan ng isang pagpapakitang gilas sa kanyang mga tagapagsubay-subay. Sa unang araw ng kanyang panunungkulan di niya ginamit ang car #1, ang wang-wang at prebilihiyo sa batas trapiko. Malinaw na ito ay isang palabas lamang upang ipakita ang kanyang senseridad sa mga pangako n'yang binitawan. Ngunit sa kabilang dako naman, di n'ya nabanggit sa kanyang inaugural speech ang pagharap sa mga batayang suliranin ng ating bayan tulad ng palupa, industriya, extra-judicial killings, mga batas na anti-mamamayan at makadayuhan.

Ang hanay ng kanyang mga bagong kabinete ay binubuo ng "recycled members" ng mga nakaraang administrasyon. Tulad ni Baldoz dating POEA head ang bagong secretary ng Department of Labor (DOLE) na bantog sa mga OFWs dahil sa pagpapatupad nito ng MC-04 na naging salot sa mga bagong OFW. Si Alberto Romulo, ang kinompirma bilang secretary ng Department of Foreign Affairs (DFA) na nagsilbi sa ilalim ni GMA at pamoso rin sa mga OFWs dahil sa pagpapalabas ng mga patakarang anti-migrante tulad ng pagtaas ng mga bayarin sa serbisyo ng mga embahada; ang makadayuhang kasunduang Visiting Forces Agreement (VFA) ng US at Pilipinas na isang tahasang pagyurak sa soberanya ng ating bansa; ang pagpapalipat ng convicted US Marine personnel na si Cpl. Lance Smith sa kulungan ng US embassy; ang pagtataguyod sa ratipikasyon ng JPEPA.

Hindi rin nababanggit sa inaugural speech ng Pangulo ang pagresolba sa mga paglabag sa karapatang pantao tulad ng extra-judicial killings na nadagdagan pa ng apat na biktima magmula ng pag-upo n'ya. Hindi rin malinaw ang pagharap sa usaping pang-kapayapaan (peace talks) sa hanay ng mga NPA at Moro insurgents, ang pambansang industriyalisasyon na susi sa pagbangon ng ekonomiya, at ang repormang agraryo na pangunahong suliranin ng mga mamamayan. Hanggat di kumawala sa tanikala ng mga dayuhan na makikita sa mga di pantay na kasunduan tulad pagiging alipin sa mga patakaran ng World Trade Organization (WTO) at ng General Agreement on Tariff and Trade (GATT) na s'yang dahilan ng pagbagsak ng ekonomya at kabuhayan ng ating bansa.

Pag-isipan nating maigi kung si P-Noy ay ibinoto natin dahil sa kanyang mga magulang na si Ninoy at Tita Cory at hindi dahil sa kanyang track record bilang public official. Hindi kaya matulad lamang siya sa buwan na walang sariling sinag at umaasa

lamang sa sinag ng araw. Sa ngayon, ang lahat ng mga indikasyon ay nagsasabi na iiral pa rin ang dating sistema at tanging pangalan lamang ng Pangulo ang nabago.

Kabayan, dapat tayong magmatyag, at nakahandang kumilos upang hindi muli tayong masilo sa bitag ng mga trapong pulitiko at ng mga mapagsamantala. Maging mapanuri at kritiko upang makausad tayo tungo sa ganap na paglaya. Ang pagbabago ay hindi kailanmanmagmumula sa mga naghaharing uri, sa halip tayong mga mamamayan kung nanaisin natin ang tunay na pagbabago at kapakanan sa ating bayan.

***Ni Mang Bill***

ARAW NG PAMILYA … (*buhat sa unang pahina)*

na tagumpay ay di nakukuha sa palakasan kundi sa pagkakabuklod-buklod, talino at galling.

Ang Family Day ay inorganisa ng Ugnayan ng mga Manggagawang Mingrante Tungo sa Pag-unlad (UMANGAT), Ugnayan sa Himpapawid 88.9 fm at ng Solidarity Movement (SOLIDMOVE).

Ni Anna Brusola

---

*Pag-ibig ang lubid na bumibigkis sa isang pamilya. Guguho ang pamilya kung magmamaliw ang bigkis na ito, at ang karaniwang kumikitil sa pag-ibig ay ang pagkakahiwalay…*

**"Pinapangarap ko ang isang lipunan kung saan di na kailangang mawaasak pa ang pamilya para lamang mabuhay."**


## Pabayag ng Migrante

**EDITORIAL STAFF**

| | |
|---|---|
| Aris Miranda | *Editor in Chief* |
| Egay Bonzon | *Staff Writer* |
| Bill Saguing | *Layout and Artworks* |
| Ed Mariano | *Business Manager* |

Mobile : 338 4732743, 338 9707897
E-mail : mpl_03@yahoo.com



Laging makinig sa
**UGNAYAN SA HIMPAPAWID**
88.9 kHz FM
tuwing linggo 12:05-1:00 pm
tumawag at makilahok sa
tel. 06 4393512
cell. 338 4732743

**CAPRICORN**
FORWARDERS snc

"BRINGING THE FAMILIES TOGETHER, THOUGH SO FAR, YET SO NEAR, BECAUSE WE HANDLE WITH CARE"

00135 ROMA • VIA LORENZO PANCIATICHI 27
TEL./FAX 06 30820871 - 06 30320571 • EMAIL: capricornforwardersitaly@yahoo.it

FOR MORE INFORMATIONS, PLEASE CALL OR TEXT:
Mr. LEO VIRTUCIO (Gen. Manager) 339 8392472 • Mr. NIEL 339 3055048
Mrs. NENETTE De CASTRO (Asst. Manager) 333 4229026 • JEANNETTE 338 6488791

| PROVINCES | SEA CARGO (SIZES) | AIR CARGO (DAYS) |
|---|---|---|
| METRO MANILA, RIZAL, CAVITE, LAGUNA, BATANGAS, BULACAN\ PAMPANGA | E 95.00 (JUMBO)<br>E 75.00 (LARGE)<br>E 50,00 (MEDIUM)<br>*32-37 DAYS | E 2.60 / KG (5-7 DAYS)<br>E 2.75 / KG (5-7 DAYS)<br>MINIMUM : 20 KGS |
| NORTHERN & SOUTHERN LUZON | E 105.00 (JUMBO)<br>E 80.00 (LARGE)<br>E 55.00 (MEDIUM)<br>*35-40 DAYS | E 3 / KG (10=12 DAYS)<br>MINIMUM 25 KGS |
| VISAYAN REGIONS, MINDORO/PALAWAN | E 125.00 (JUMBO)<br>E 90/00 (LARGE)<br>E 65.00 (MEDIUM)<br>*45-50 DAYS | E3.30 / KG 14-18 DAYS<br>MINIMUM 30 KGS |
| MINDANAO REGIONS | E 130.00 (JUMBO)<br>E 90.00 (LARGE)<br>E 50.00 (MEDIUM<br>*60-60 DAYS | E 6.30 / KG 15-20 DAYS<br>MINIMUM 30 KGS |

Note: ADDITIONAL E20 - 30.00 / BOX FOR OUT OF ROME PICK-UPs.